

Meta Analisis sa Pagsusuri ng Maiikling Kwento sa mga Tesis at Disertasyon

REGINA I. CUIZON

*J.H. Cerilles State College, Mati, San Miguel, Zambaonga del Sur, PHILIPPINES
redzcuizon@yahoo.com*

Date Received: July 15, 2014; Date Revised: August 10, 2014

Abstrak - Anumang mga pagbabago na makikita sa mundo ay bunga ng pananaliksik. Ang meta-analisis ay isa sa mga bunga ng pananaliksik na ginagamit sa kasalukuyan bilang teknik upang malaman iba pang mga nagsulputang informasyon. Ito'y pag-aaral sa mga pag-aaral. Isang kritikal at sistematikong pagsusuri sa istruktura ng mga pag-aaral. Maging gabay sa mga gradwadong paaralan sa pagpili ng paksang pag-aaralan.

Pangunahing layunin na matiyak ang mga pamamaraan sa pagsusuri ng maiikling kwento ng mga tesis at disertasyong nagawa mula sa mga piling SUCs. Desinyong kwalitatibo - kontent analisis sa pagsusuri ng: kaanyuan ayon sa suliranin, metodolohiya, paglalahad at interpretasyon ng mga datos, natuklasan, konklusyon, at rekomendasyon; kahinatnan ayon sa pagkatulad, pagkakaiba at kabuluhan; Emerging tema.

Napag-alaman na ang karaniwang pinag-aralan ay 30% kahalagahang pangkatauhan, 20% larawang-diwa ng mga kababaihan at 10% gramatikang aspeto. Sa metodolohiyang ginamit, 80% desinyong kwalitatibo at 20% kwantitatibo-kwalitatibo. Sa paglikom ng datos 60% diretsahang pagsusuri, 30% talatanungan at 10% tseklis. Sa pag-analisa 90% kontent analisis at 10% gramatikal analisis.

Batay sa natuklasan, ang pagsusuri ng maiikling kwento sa mga tesis at disertasyon mula sa iba't ibang paaralan gamit ang meta analisis ay isang epektibo, mabisa, objektibong paraan at kagamitan na magagamit sa makatarungang paghatol; pamumuna sa kabuluhan at kagandahan; paghaham- bing sa mga kritikal na isyu; at pormulasyon ng panibagong pamantayan at batas.

Keywords – Meta analisis, kaanyuan, kahinatnan, emerging

I. INTRODUKSYON

Ang maikling kwento ay isang universal na kultura. Nagdulot ito ng refleksiyong mula sa tiyak tungo sa pinakamataas na diwa upang maging makabuluhan ang karanasan ng sanlibutan. Nagtatag ng matibay na pundasyon sa kaalamang pangmoral at pangkatauhan ng tao (Barry, 1995). Sa pagtuturo ng mga kabataan, madaling tukuyin ang interes at atensyon kung sisimulan ng isang pangganyak na pagkukuwento at mabisang kagamitan sa pagtalakay ng aralin o ginagamit ito na lunsaran sa araling pangwika. Nasabi nina Kraenkel at Wallen (2003) na ang maikling kwento ay makapagdulot ng mga pagbabago sa buhay. Ang mga aral, mensahe at tema ay naging gabay sa mga gawaing araw-araw at naging bukas sa anumang hamon sa buhay, naging batayan din sa pagdesisyon at nagsilbing refleksiyon sa mabubuting tahakin sa buhay.

At dahil dito, marami ang nag-aral at nagsuri ng maiikling kwento. Kaya ang mananaliksik ay gustong suriing muli ang mga pag-aaral na ito gamit ang isang proseso o paraan na tinawag na meta-analisis.

Sinabi ni Tuckman ang meta-analisis ay pag-aaral sa mga dating pag-aaral. Sa teknik na ito, sinuring muli ang mga bagay, dokumento, proseso, sistema at mga dating pag-aaral (Lavin, 1995 & Dey, 1993). Dagdag pa nila irerebyu ang mga dating natuklasan at tingnan muli ang ibang anggulo, perspektiba at pananaw upang matanto ang kaugnayan, kaibahan at kabuluhan sa mga elementong napapaloob. Ito'y isang kritikal at sistematikong pagsusuri at pamumuna ng mga tuklas na bagong datos at mga impormasyon. Ito'y nagbibigay ng bagong interpretasyon sa mga dating kaalaman at ideya (Kehrer, 1993; Constantino & Zapra, 1997). Mahinuha rito ang kaepektibo, kahinaan, katindi, kabisaan, baliditi at kwaliti sa ginawang pag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga pag-aaral, maliliwanagan ang mga mambabasa sa makatarungang paghatol, paghambing sa layunin at nilalaman nito (Faucett & Dawn, 1994; Sipe, 1995; Tripuraneni, 1997).

According to Lisella (1994) and Glass (1981), the meta-analysts uses objective methods to find

different studies for a review. It should be a systematic as primarily research and should interpret the results of individual studies in the context of distributions of findings, partially determined by study characteristics, methodology, and partially random. He laid out the following guidelines for a meta-analysis procedure: finding studies; screening studies; describing study features; describing outcomes; measuring study findings and analyzing results.

Ninain ang pagbabago sa paraang pagtuturo at mapaunlad ang pagsusuri at pamimili ng uring maikling kwento na gagamitin ng mga guro sa silid-aralan bilang lunsaran nang sa ganoon may kamalayan ang mga kabataan sa mga pangyayari mula sa lokal tungo sa global.

Kaya, ito'y isang daan o behikulo na nagbukas sa puso't isipan ng mananaliksik na kailangan susuriin muli ang mga pinaag-aralan partikular sa paraan sa pagpili, paraan sa pag-aanalisa ng maikling kwento sa mga tesis at disertasyon sa pamaraang meta-analisis.

Mula sa pamaraang meta-analisis, pinagtuunan ang pansin ang pagsusuri ng mga kaanyuan tulad ng paglalahad ng suliranin, metodolohiya, paglalahad at pagpapakahulugan ng mga datos, natuklasan, konklusyon, implikasyon at rekomendasyon. Dito makikita ang isang larawan ng isang bagay o kaya'y tala sa mga bahaging pinag-aaralan. Magreresulta ito ng isang kahihinatnan ayon sa pagkakatulad, pagkakaiba, at kabuluhan ng mga elementong sinuri. Ang pagkakatulad ay isang proseso na tinutukan ang pagkahawig o pagkapareho ng mga teorya, katangian, kriteya sa pagpili ng paksa, at kaalaman sa mga bahagi ng tesis at disertasyon. Tinutukan din ang pagkakaiba sa paglalahad, mga paraan ng pagkabuo, proseso at instrumento, lugar, seleksyon ng paksa at bahagi kung may labis o kulang (Mondale, 1995). At ang kinahinatnan ayon sa kabuluhan ay tingnan din kung anumang maibigay, makuha, at maidulot ng pag-aaral para sa tao, sa kalikasan, sa pamilya at sa lipunan.

Masasabi na ang paggamit ng meta-analisis ay batayang maganda kung ito ay nagdudulot ng kabuluhan sa mga nakikinig at mambabasa o manonood. Ang mga kabuluhang ito patungkol sa buhay na maaaring makalantad ng pahayag o pahiwatig sa isang pagsusuri, ito ang **tema**. Tema o paksang diwa ang mabubuo mula sa pagsusuri na maaaring nagsasaad ng katotohanang panlahat na maging basehan/ gabay ng mga kalagayang pang-edukasyon, kalagayang pampamahalaan, sa pagpakabuhay ng tao at sa mga

sumusunod kalagayan ng mga mambabasa. Maaari ding may biglang makita sa gagawing sistema ng pagsusuri, mabubuo ang mga mas maliliit o malalaki pang sistema. May pagpapangkat-pangkat, pag-iipun-ipon ng mga sistema. Ang sistemang ito ay maaaring hierarchical, macro-micro o micro-macro ang pagkakaayos na sa ibang salita tinawag na **katagorya**. Ito'y pag-uuri-uri ng mga bagay, pahayag at elementong nakita sa pagsusuri ng akda (Villafuerte, 2000).

Ang aplikasyon nito sa pagtuturo, dapat ang guro ay magtataglay ng di birong katangian nang sa ganoon mapalawak at maihatid nang lubusan ang kaalamang ibabahagi. Ang isang mabuting guro ay dapat magbigay ng ibayong panahon at konsern sa mga pagbabagong estratehiya at mabisang kagamitan. May kaugnay ito sa pahayag ni Buensuceso (1989) kinakailangang kasabay ng mga pagbabago ng panahon ang mga makasining na pagtuturo. Ang bisa ng prosesong pagtuturo-pagkatuto ay maunlad sa dahilan ng tamang paggamit ng kagamitang pampagtuturo. Dapat maging masigasig ang guro kung paano at kailan gagamitin nang tama ang mga ito. Dagdag pa nina Abad at Ruedas (1996), isang katotohanan na walang kagamitang pampagtuturong makapagpapalit sa isang mabuting guro na gumagamit ng mga kagamitang pampagtuturo tungo sa mabisang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Kaya, isa ito sa pinakadahilan sa ginawang meta-analisis na pagsusuri ng maikling kwento sa mga tesis at disertasyon. Ang kalalabasan ng pagsusuri ay pagbabatayan sa paggawa ng isang patnubay sa pagsusuri ng maikling kwento.

II. LAYUNIN

Layunin sa pag-aaral na ito ang pamamaraan sa pagsusuri ng ng mga pinag-aralang maikling kwento sa mga tesis at disertasyonng mga piling SUCS mula 2000-2010. Tiniyak ang mga sumusunod: Kaanyuan ng iba't ibang pag-aaral ng tesis at disertasyon sa pagsusuri ng maikling kwento ayon sa: suliranin, metodolohiya, paglalahad at interpretasyon ng mga datos, natuklasan at konklusyon, at rekomendasyon; Mga kahinatnan ayon sa: pagkakatulad, pagkakaiba at kabuluhan; at ang "Emerging" kategoriya at tema.

III. METODOLOHIYA

Ang "*Qualitative Research Method*" ang ginamit sa pananaliksik sa paraan kontent analisis. Sa pamamaraang ito, malalaman ang karaniwang kaanyuan, kahinatnan ng mga pag-aaral gaya sa pagkakatulad, pagkakaiba at kabuluhan ng mga pinag-

aralang maiikling kwento sa mga tesis at disertasyon bilang kagamitan sa ginawang pananaliksik.

Nagsarbey sa kilalang institusyon ng Cebu City na nag-ofer ng M.A. at Ed.D. na nagpakabalubhasa ng Filipino. Pinasok ang gradwadong librari ng Cebu Normal University (CNU), Cebu Southwestern University (CSU), Cebu Technology University (CTU), Misamis University (MU), Saint Columban College (SCC) at Unibersidad ng Pilipinas-Cebu (UP Cebu).

Binasa ang mga bahaging suliranin, metodolohiya, paglalahad at Interpretasyon ng mga datos, natuklasan, konklusyon, at rekomendasyon ng mga pinag-aralang maiikling kwento sa mga tesis at disertasyon: *Ang Cebuano Folktales sa Pagkatuto ng Kaalaman, Saloobin at Kasanayan sa Panitikan* ni Acopiado, Teresita F.- Cebu Technology University; *Mga Konseptong Feminismong Napapaloob sa mga Maiikling Kwento* ni Duarte, Dorelie J.. - Cebu Normal University; *Mga Instrukturang Linggwistika na Napapaloob sa mga Piling Maiikling Kwento na Nagwagi ng Gantimpala Palanca* ni Seiga, Loridel A. Cebu Normal University; *Isang Pagsusuring Kritikal sa Limang Piling Maiikling Kwento sa Cebuano* ni Macan, Romeo S. - Cebu Normal University; *Isang Pagsusuring Pampanitikan ng mga Piling Maiikling Kwento na Nagwagi sa Gawad Carlos Palanca 1950-1989* ni Desierto, Erlinda G. - Cebu Normal University; *Masusing Pagsusuri sa mga Piling Maiikling Kwento ni Genoveva Edroza Matute: Ang Implikasyon sa Pagtuturo ng Kahalagahang Pangkatauhan sa Kolehiyo* ni Amargo, Josefina - Cebu Technology University; *Isang Pagsusuri sa Ilang Piling Tilamsik ng Diwa” ni Fransisco Soc Rodrigo at Ilang Implikasyon sa Pagtuturo ng Panitikang Pilipino Pantersyarya* ni Geronimo, Luzviminda G. - Southwestern University; *Pagsusuri ng mga Kahalagahang Pangkatauhang Napapaloob sa Limang Maiikling Kwento ni Genoveva Edroza Matute Taong Panuruan 1998- 1999* ni Macol. Vilma R. - Cebu Normal University; *Larawang Diwa ng Kababaihan sa mga Piling Maiikling Katha ni Liwayway Arceo* ni Amores, Riza Y. - Misamis University; at *Estilong Pampanitikan ng mga Piling Kwento ni Genoveva E. Matute* ni Brazil. Melodina - Saint Columban College.

Mula sa kwalitatibong perspektiv, isang matriks na naglalaman ng mga salik ang ginamit sa pagsusuri ng suliranin, metodolohiya, paglalahad at interpretasyon ng mga datos, natuklasan, konklusyon at rekomendasyon. Ang matriks na ito ay nagsilbing batayan upang malaman ng mga mambabasa ang kaanyuan,

kahinatnan sa pagkakaiba, pagkakatulad at kabuluhan, kaugnayan at mayroon bang kategorya; o tema batay sa mga salik nabanggit sa itaas na inilahad ng bawat tesis at disertasyong inaanalisa at sinuri (Dey, 1993).

Matapos napili ang mga tesis at disertasyon na siyang pinagkunan ng mga datos, masusing pagbasa at pag-unawa sa bawat bahagi at mga mahahalagang elemento ng mga pag-aaral. Binuo ang isang komite na kinabilangan ng apat na mga gurong nagturo sa tersyarya, dalawang gradwado sa Ed. D. at M.A. graduate at may karanasan sa pagtuturo ng pananaliksik at panunuring pampanitikan. Sila ang tumulong sa pagsusuri at pag-analisa ng mga pinag-aralang maiikling kwento sa tesis at disertasyon. Binigyan sila ng kopya ng pag-aaral at pinabasa nang masinsinan upang maging balido ang ginawang pananaliksik.

Sa unang pagkikita, binuhos sa pag-analisa ang bahaging suliranin at metodolohiya. Isang matriks ang ginamit at maingat na itinala ang buod ng mga suliranin at metodolohiya sa bawat pag-aaral. Dito napansin ang parsyal ng pagkakaiba, pagkakatulad ng mga pag-aaral ng maiikling kwento sa mga tesis at disertasyon. Dito rin nakita ang angkop at nararapat na desinyo na mapagkunan ng tumpak na idea para sa mga datos.

Pagkalipas ng isang linggo, muling nagtipon ang komite at sinuri ang bahaging paglalahad at pagsusuri ng mga datos. Napagkasunduan ng komite na ang mahalagang bahagi ng paglalahad at pagsusuri ang dapat maitala sa matriks dahil sa napakahaba nito.

Ang huling naitala sa matriks ay ang buod ng natuklasan, konklusyon at rekomendasyon.

Sa pamamagitan ng instrumentong meta-analisis, sinimulang sinuri ang bawat datos na naitala sa matriks ang nakuha mula sa iba't ibang tesis at disertasyon. Nagkaroon ng group focus discussion at feedbacking sa positibo at negatibong napansin ng komite. Sinimulan ang pag-alam sa pagkakaiba, pagkakatulad at ang kabuluhan nito sa akademya at sa mga mag-aaral sa klase. Sa pamamagitan ng matriks, madaling magamit ang meta-analisis sa pagpapalabas ng tema at kategorya ng bawat pag-aaral.

IV. PAGLALAHAD NG RESULTA

Inilahad dito ang resulta ng pagsusuri ng iba't ibang kaanyuan ayon sa suliranin, metodolohiya, paglalahad at interpretasyon ng mga datos ng mga pinag-aralang ng maiikling kwento. Sa kabuuan may apat na magkaibang konsepto ang sinuri sa mga pinag-aralang maiikling kwento sa mga tesis at disertasyon.

Ang Talahanayan 1 ay naglalahad ng mga konseptong sinuri ayon sa kaanyuan ng suliranin.

Talahanayan 1. Mga konseptong sinuri ayon sa kaanyuan ng suliranin

Pagsusuri ng mga Suliranin	%
1. Mga katangian o elemento ng maiikling kwento	40
2. Mga kahalagahang pangkatauhan ng maiikling kwento	30
3. Mga larawang-diwa at konsepto ng mga tauhang babae	20
4. Mga gramatikang na aspeto ng maiikling kwento	10

Sa **konseptong katangian o elemento** ng maiikling kwento, ang mga sinuri rito ay ang katangiang masisinag sa 19 Cebuano Folktales ayon sa kagamitan, tono, matalinghagang paglalarawan, simbolo, tauhan, tagpuan, banghay o aksyon, tema, ang katangian ayon sa punto de vista, bisang pang-emosyunal, istilo ng pagsasalaysay at paningin.

Ang konseptong ginamit sa pagsusuri ay patotoo rin ito sa sinabi ni Villafuerte (2000), na sa pagsusuri ng maiikling kwento dapat suriin ang elementong taglay nito: tauhan, tagpuan, banghay, tunggalian, simbolo, pahiwatig at pahayag.

Ang ikalawang konsepto ay ang **mga kahalagahang pangkatauhan** na may tatlongpong bahagdan (30%) ang nahikayat tingnan ito. Sinuri ang layunin ng edukasyon gaya ng promote nationalism, respect of family, respect and love of countrymen, may layuning matauhan, magkamalay, mahawaan at maging huwaran sa mga kabataan at mambabasa. Naglalayong magamit at maiaplay ang mga pagpapahalaga, sa araw-araw na pagtahak, pagtanggap ng hamon, sa paglinang ng mga kakayahan at indibidwal na interes, sa mga karanasan, at pagbibigay pagpapahalaga at kabuluhan ng buhay.

Ang pangatlong konsepto na sinuri ay **ang larawang-diwa ng mga tauhang babae sa kwento**. Ang mga kwentong makabanghay, kwentong pangkapaligiran, kwentong pangkatutubong kulay at kwentong pangkaisipan ang ginamit at pag-aplay ng teoryang feminismo sa mga piling kwento upang mapalitaw ang papel ng mga kababaihan kung ito'y tradisyunal o deelopmental na imahen. Nakita ang konsern sa kapwa mga kababaihan, gustong ipaglaban ang karapatan, may kakayahan, gustong ipamulat sa karamihan na lahat ay pantay-pantay sa mata ng Dios at mata ng tao.

Ang pang-apat na konsepto ay ang **pagsusuri ng mga gramatikang aspeto ng maiikling kwento**. Ang konseptong ito ay nagpatotoo sa sinabi ni Remoto (1994) na ang maiikling kwento ay maaring susuriin sa aspetong linggwistika. Karamihan sa kwentong ginamit ay nagwagi sa Palanca Award. Tiniyak kung ang mga talata mula sa mga piling maiikling kwento ay napalooban ba ng tama at angkop na paggamit ng istrukturang pansintaksis at istrukturang pangmorpohiya.

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita sa mga metodolohiyang ginamit sa pag-aaral ng maiikling kwento ss tesis at disertasyon.

Talahanayan 2. Pagsusuri ayon sa kaanyuan ng metodolohiya

Metodolohiya	%
Desinyo ng pag-aaral	
Kwalitatibo	80
Kwalitatibo-kwantitatibo	20
Paraan sa pagpili ng maiikling kwento ayon may-akda bilang instrument sa pag-aaral	
Maiikling kwento na sinulat ng iisang awtor	50
Maiikling kwento na sinulat ng ibat-ibang awtor	50
kuwentong nagwagi sa Gawad Palanca	20
nagpili na maiikling kwento mula sa tribung Cebuano	20
pag-aaral sa maiikling kwento sa teknikal na aspeto	10
Paraan sa paglikom ng datos	
Diretsahang Pagsusuri	50
Talatanungan	30
FGD	10
Tseklis	10
Paraan sa pag-analisa ng datos	
Kontent analisis	90
Gramatikal analisis	10

Napag-alaman na lahat ay nasa deskriptibong pananaliksik ngunit nagkaiba sa disenyong ginamit. Nanguna ang **kwalitatibong** -kontent analisis na may walo 80% sa mga paksang elemento, kahalagahang pangkatauhan, teknikal na aspeto at larawang diwa ng mga kababaihan. **Kwantitabo** sa mga pag-aaral na aspetong linggwistika na ginamit ang talatanungan at tseklis sa pagkuha ng datos.

Sa paraan ng pagpili ng kanilang instrumento, may lima o 50% pag-aaral na nagpili ng iisa lang ang awtor ng maiikling kwento ginamit. May tatlong pag-aaral na nagpili kay Genoveva Edroza-Matute. Lottery draw ang sampung ng pag-aaral at nagrango sa mga kwento

ni Matute na may mataas ang katindian ng kahalagahang pangkatauhan. Ang maiikling kwento na sinulat ni Francisco Soc Rodrigo ay ginamit din at pagdokumentari sa mga tilamsik na napaloob sa kwento. Isa pang awtor ginamit ay ang mga kwento ni Liwayway Arceo na nagwagi sa Palanca Award.

Mapapansin sa nasabing talahanayan na may apat na paraan sa paglikom ang mga datos 50% sa **diretsahang pag-analisa**. Anim na pag-aaral ang ginamitan kaagad ng diretsahang pagsusuri ng may-akda. 30% ang namumudmod ng **talatanungan**, may 10% ang gumamit ng **tseklis** na ipinamahagi sa mga tagasagot upang makuha ang mga kasagutan nito at 10% gumamit n **Focus Group Discussion** (FGD).

Sa pag-aanalisa ng maiikling kwento, dalawa ang naatuklasan na paraan, 90% **kontent analisis** sa mga konseptong katangian o elemento ng maiikling kwento, mga kahalagahang pangkatauhan at mga larawang-diwa ng mga tauhang babae. 10% **gramatikal analisis** sa mga nag-aral ng istrukturang pansintaksis at istrukturang pangmorpohiya.

Ang mananaliksik ay nakapagsabi na may pagkakaiba at pagkakatulad sa mga pamamaraan/metodolohiya ng pagsusuri ng maiikling kuwentong sa mga tesis at disertasyon. Ang kalalabasan nito ang siyang ikagaganda sa pagninilay-nilay at paghuhusga kung anong mga kuwento ang nararapat gamitin sa klase bilang lunsaran sa pagtuturo ng araling pangwika at gamitin sa pagtuturo ng panunuring pampanitikan

Talahanayan 3. Pagsusuri ayon sa paglalahad at interpretasyon

Paraan sa paglalahad at interpretasyon	%
Pakwento	60
Pasangkap	40

Ang talahanayan 3 nagpapakita sa paraan ng paglalahad ng mga datos at interpretasyon sa kanilang pagsusuri ng maiikling kwento. Napabilang sa **pakwento** ang pag-analisa sa diretsahang pagsusuri. Halimbawa sa mga pag-aaral ng kahalagahang pangkatauhan, tiningnan ang kabuuang kwento kung anong mga aspetong pangkatauhan denipik ng mga tauhan ayon sa daloy ng pangyayari at ayon sa gramatikang aspeto.

Nasa **pasangkap** na paglalahad ang pag-aaral kung nagsuri sa sangkap ng maiikling kwento: tauhan, tagpuan, banghay, punto de vista, tema, tono, simbolo, kagamitan, bisa, teorya, kaugnayan sa kamalayang panlipunan at matalinghagang paglalarawan ng mga Cebuano Folktales. Kabilang din sa paangkap ang mga

nagsuri sa pakikipagkapwa-tao, pagpapahalaga sa banal na pook, pagsisisi sa mga pangyayari, pananampalataya, kahirapan, pagmamalaki, karapatang pantao, kawalan ng pag-asa, pagkaawa sa sarili, pagmamahal sa kapwa, pagpapanatili sa karangalan ng pagsasama, pagpapahalaga sa kinagisnang kaugalian, at pagmamahal sa mga mangmang.

Diskusyon sa Kahinatnan ayon sa:

Pagkakatulad

Maraming natuklasan na magkatulad sa ginawang pagsusuri, may limang magkaparehong tiniyak ang elemento at sangkap ng maikling kuwento ngunit nagkakaiba lang ng paraan ng pagpapahayag at pagkabuo ng pangungusap.

May tatlong magkapareho sa pag-alam ng kahalagahang pangkatauhang mapupulot sa piling Tilamsik ng Diwa ni Francisco Soc Rodrigo at Genoveva Edroza-Matute batay sa sumusunod: sosyal, moral, ispiritwal, kultural, political, kalusugan, kabagayan sa kalikasan, katotohanan, pag-ibig, ispiritwaliti, pananagutang sosyal, karapatang pang-ekonomiya, nasyunalismo at pagkaisang global.

Magkakatulad din ang dalawang pag-aaral na nagsuri ng kakayahang panlinggwistika. Magkakatulad sa awtor ng mga kwentong ginamit ang tatlong pag-aaral, si Genoveva Edroza-Matute. Dalawa ang nag-aral sa mga kwentong nagmula sa tribong Cebuano. Tiniyak dito ang kahalagahan, kabuluhan ng limang kwento, nagtataglay ng pagkatuto ng kaalaman, saloobin at kasanayan sa panitikan ng Cebuano Folktales. Apat ng pag-aaral sa kriterya ng pagpili ng mga kwento, kailangan nagwagi sa Carlos Palanca Awards.

Walo ang magkaparehong gumamit ng kwalitatibong disenyo sa palarawang pamaraan sa pagsusuri at may dalawang pag-aaral na duwal ang disenyo sa pagsusuri, ang kwalitatibo at kwantitatibo

Siyam sa pagsusuring gumamit ng kontent analisis. Lima ang gumamit ng talahahayan para mas lalong masuri at mataly ang tamang mga datos, apat ang bumuo ng komite upang makatulong, mapadali at balido ang pag-analisa, tatlo ang gumamit ng talatanungan. Anim na magkakatulad na ginamit ang dulong: sosyolohikal, pormalistik, sikolohikal, at moralistik.

Tatlong ang magkakatulad ng natuklasan. Nangingibabaw ang kahalagahang pag-ibig at ispiritwaliti. Sampo ang parehong implikasyon, na ang maiikling kwento ay magagamit na lunsaran sa pagtuturo ng wika at panitikan sa iba't ibang antas ng edukasyon. Umaasa na ang awtput, mga kagamitang

pampagtuturo gaya ng silabus at modyul bilang gabay at maiugnay sa buhay ng tao at sa lipunang kinabibilangan.

Halos lahat ng mga pag-aaral ay nagsabing ipagpatuloy at palawakin ang mga paksang sinimulang pinag-aralan at isali ang pag-analisa ng mga maikling kwentong local na rito sa Mindanao.

Pagkakaiba

Ang sumusunod na pagkakaiba ang napansin ng mananaliksik sa pagsusuri ng sampung pag-aaral ng maikling kwento sa mga disertasyon at tesis.

Sa paglalahad ng mga suliranin ng bawat may-akda, sa kabuuan may magkaibang pokus ang tiniyak ng mga pag-aaral, ang mga katangian o elemento ng maikling kwento, mga pagpapahalagang pangkatauhan, larawang-diwa o konseptong feminismo ng mga tauhang babae sa mga kwentong sinuri at ang pang-apat teknikal na aspekto.

Mula sa pagsusuri ng metodolohiya may magkaibang kategorya. Magkaiba ang pamaraan at disenyong ginamit ng mga pag-aaral. May pag-aaral na nasa kwalitatibo at kwalitatibo-kwantitatibo analisis.

Magkaiba ang paraan sa pag-analisa ng mga datos, may gumamit ng kontent anlisis at dokumentari analisis. Sa paraan ng paglikom ng mga datos ng pag-aaral, tatlong pag-aaral na gumamit ng talatanungan na ipinasagot ng mga piling respondente at may binuong komite para tutulong sa pagsusuri ng mga kinakailangang datos. Nagkaiba rin sa paraan ng pagpili ng mga maikling kwento bilang instrumento ng pag-aaral. May limang pag-aaral na gumamit ng mga maikling kwento na sinulat ng iisang awtor ngunit magkaiba ang kriterya sa pagpili at may limang pag-aaral na ang mga maikling kwento ay isinulat sa iba't ibang mga awtor.

Natuklasan na may mga kwentong nabuo sa pamamgitan ng guni-guni at may totoong nangyayari sa buhay ng tao. Maaring sa awtor na karanasan o sa ibang tao ang karanasan. Karamihan ng mga maikling kwento ay puno ng mga kagandahang asal, ang mga pangyayari sa kwento ay tunay na naganap at dinaganap sa buhay ng tao.

Narito ang nakitang pagkakaiba ng mga implikasyon, mapaunlad ang pagtuturo at mapahalagahan ang kabuuang edukasyon ng mga mag-aaral, madali silang makapagpapahalaga ng mga damdamin at makapagpapahalaga sa biyayang buhay, pamilya at lipunan.

Iba-iba rin ang mga rekomendasyon ng bawat may-akda ngunit kung aanalisahin lahat, ito'y

nagrerekomenda sa paggamit ng awtput sa pagtuturo ng mga kabataan

Kabuluhan

Ang bawat galaw, kilos, at iniisip ay makabuluhan kung ito'y naayon sa isang mabuting pamantayan (norms), prinsipyo at alituntunin ng batas. Makabuluhan kung ito'y ginawa para sa kahalagahan at kapakanan ng madla. Kung nakatutulong ito sa pagtuklas ng mga bago na nararapat sa kaunlaran ng buhay ng tao. Nakabukas ng mga kamalayang pang-araw-araw na isusulong ang buhay ng tao. Nakapupukaw sa damdaming makabayan, makatao, makalikasan, at maka-Dios. Nakapagpapaunlad ng bagong pananaw ng pag-edukasyon, panteknolohiya at pagsulong ng globalisasyon. Makabuluhan kung kakitaan ng magagandang balyus, pagmamahal sa kapwa, lipunan, kultura at higit sa lahat ang Maykapal. Kung nakakatulong din sa pagpapaunlad, pagpapatibay, at pagpapatakbo ng isang organisasyon, institusyon at relasyon.

Makabuluhan ang lahat na pag-aaral sa tesis at disertasyon na ginamit ng mananaliksik dahil ito'y dumaan sa isang proseso sa pagsusuri, pag-aanalisa, pag-aaral at pag-ebalweyt. Dumaan din ang mga ito ng isang pormal at maprosesong pagkilatis at panunuligsa ng ibang mananaliksik.

Kaya ang mga pag-aaral na ginamit sa pagsasaliksik ay may katangiang taglay na nabanggit sa itaas. Samakatuwid, ang labing apat na pag-aaral sa mga tesis at disertasyon ay makabuluhan lalo na sa paglinang ng edukasyon.

Emerging Tema

- ❖ Pagpreserba ng literatura at mga kaugaliang Pilipino
- ❖ Maikling kwentong Filipino ay pinagbuhatan ng pagpapahalaga (values) kaalaman at kultura
- ❖ Mabisang kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto
- ❖ Patnubay sa pagpili ng paksang pag-aaralan sa gradwadong program
- ❖ Kagandahan ng maikling kwento ay nagdedepende sa *response theory*

V. KONKLUSYON

Ang pagsusuri ng maikling kwento sa mga tesis at disertasyon mula sa iba't ibang paaralan gamit ang meta analisis ay isang epektibo, mabisa, objektibong paraan at kagamitan na magagamit sa makatarungang paghatol; pamumuna sa kabuluhan at kagandahan; paghaham-

bing sa mga kritikal na isyu; at pormulasyon ng panibagong pamantayan at batas.

REFERENCES/MGA SANGGUNIAN

- Acopiado, Teresita F. Ang Cebuano Folktales sa Pagkatuto ng Kaalaman, Saloobin at Kasanayan sa Panitikan. Cebu State of Science and Technology
- Amargo, Josefina. Masusing Pagsusuri sa mga Piling Maikling Kwento ni Genoveva Edrosa Matute: Ang Implikasyon sa Pagtuturo ng Kahalagahang Pangkatauhan sa Kolehiyo. Cebu State of Science and Technology
- Barry, Peter. (1995). *Beginning Theory*. New York: Manchester University Press
- Brazil, Melodina . Estilong Pampanitikan ng mga Piling Kwento ni Genoveva E. Matute” Saint Columban College, Pagadian City.
- Constantino, P. at Galileo S. Zapra. (1997). *Kasanayan sa Komunikasyon II*. Quezon City: Diliman.
- Desierto, Erlinda G. Isang Pagsusuring Pampanitikan ng mga Piling Maikling Kwento Nagwagi sa Gawad Carlos Palanca 1950-1989 Cebu Normal University, Cebu City.
- Dey, Ian. (1993). *Qualitative Data Analysis*. New York: Routledge Press, pp. 194-195
- Doria, Libranda P. Kahalagahang Moral sa mga Maikling Kwento sa Panitikang Pilipino. Cebu Normal University, Cebu City
- Duarte, Lorelie. Mga Konseptong Feminismong Napapaloob sa mga Maikling Kwento Cebu Normal University, Cebu City.
- Faucett, Jacqueline & Florence Dawn . (1994). *Theory and Research*. Singapore: F. A. Davis Company.
- Fraenkel, Jack R. & Norman McGraw. (2003). *How to Design and Evaluate Research in Education*. Waller Hill Higher Education, New York.
- Geronimo, Luzviminda. Isang Pagsusuri sa Ilang Piling Tilamsik ng Diwa” ni Fransisco Soc Rodrigo at Ilang Implikasyon sa Pagtuturo ng Panitikang Pilipino Pantersyarya”. Cebu Southwestern University, Cebu City.
- Glass, Gene et. al. (1981). *Meta-Analysis in Social Research*. California: SAGE Publications.
- Kehrer, Barbara. (1993). *Evaluation for Foundation: Concept, Cases, Guidance and Resources*. USA: Jessey Bass, Inc.
- Lavin, Michael Edward. 1995. *Censorship Academic Freedom and Literary Studies in Tuscany of the Last Media 1670-1731*. Dissertation International Abstract. Volume 56, No. 12, June 1996, p .4797A.
- Lisella, Vincent Paul. 1993. *Objective Standards in Critical Education*. Dissertation International Abstract. 55(3).
- Licardo, Maricon D. Content Analysis of Nurses’ Charting at Vicente Sotto Memorial Medical Center: Basis for A Proposed Documentation Development Program. Cebu State College of Science and Technology, Cebu City.
- Macol Vilma .Pagsusuri ng mga Kahalagahang Pangkatauhang Napapaloob sa Limang Maikling Kwento ni Genoveva Edrosa Matute Taong Panuruan 1998- 1990 Cebu Normal University, Cebu City.
- Madrazo, Erlinda C. A Compilation of Abstracts of Thesis & Dissertation and Other Researches, Submitted to the Graduate Schools in Region X. Mindanao State University- Iligan Institute of Technology
- Montano. Rosario. Larawang Diwa ng Kababaihan sa mga Piling Maikling Katha ni Liwayway Arceo Cebu Normal University, Cebu City.
- Macan. Romeo S. Isang Pagsusuring Kritikal sa Limang Piling Maikling Kwento Cebuano Cebu Normal University, Cebu City.
- Pesirla, Angel O. 2004. *Freshmen English Through Study and Thinking*. Cebu Normal University, Cebu City
- Siega, Loridel. Mga Instrukturang Linggwistika Na Napapaloob sa mga Piling Maikling Kwento na Nagwagi ng Gantipala Palanca Cebu Normal University, Cebu City.
- Sipe, Theresa Ana. 1995. *A Meta-Synthesis of Educational Achievement: A Methodological Approach to Summarization and Synthesis of Meta-Analyses*. Dissertation International Abstract. 56(12), 4740A.
- Tripuraneni, Ravi V. 1997. *Selecting Criteria of Potential Wholesaler Distributor*. Education Journal, 58(7), January 1998.
- Villafuerte, P. (2000). *Panunuring Pampanitikan*. Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc.